**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Setyembre 9*

# SAN GORGONIO
## Martir

*Paggunita • Simple • Pula*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa Martir na Hindi Obispo Lætábitur justus*, maliban sa mga nakatakda:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**SANCTUS** tuus, Dómine, Gorgónius sua nos intercessióne lætíficet: et pia fáciat sollemnitáte gaudére. Per Dóminum.

**NAWA'Y** si San Gorgonio, O Panginoon, ay hayaan Mong paligayahin kami pakundangan sa kaniyang pamamamgitan para sa amin, at maging sanhi ng tuwa namin sa pagpaparangal na mataimtim naming ginagawa. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**GRATA** tibi sit, Dómine, nostra servitútis oblátio : pro qua sanctus Gorgónius Martyr intervéntor exsístat. Per Dóminum.

**KALUGURAN** mo nawa ang mga hain na ito, O Panginoon, buhat sa mga lingkod Mo: at pakundangan sa mga ito'y malubag ang kalooban Mo at ipagkaloob sa amin ang kapatawarang hiningi namin at ang tanang hangarin namin. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**FAMILIAM** tuam, Deus, suávitas ætérna contíngat et végetet : qua in Mártyre tuo Gorgónio Christi Fílii tui bono júgiter odóre pascátur. Qui tecum.

**O DIOS,** puspusin mo nawa ng Iyong kabutihang 'di magmamaliw ang iyong sambayanan tungo sa bagong buhay, at pakundangan kay San Gorgonio na iyong Martir, nawa'y patuloy silang maginhawahan sa taglay na halimuyak ni Cristo na Iyong Anak: Siyang nabubuhay at naghahari...

*.Setyembre 10*

## SAN NICOLAS DE TOLENTINO
Confesor at Pari

*III cl • Doble • Puti*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa Confesor na hindi Obispo Justus ut palma.

*.Setyembre 11*

## SAN PROTO AT SAN JACINTO
Mga Martir

*Paggunita • Simple • Pula*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa Maraming mga Martir Salus autem.

*.Setyembre 12*

## ANG BANAL NA NGALAN NI SANTA MARIANG VIRGEN

*III cl. • Doblemayor • Puti*

*Ang Pambungad na Antipona ay mula sa Misa* Vultum tuum (Comun ng Virgeng Maria).

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

| | |
|---|---|
| **CONCÉDE,** quaésumus, omnípotens Deus: ut fidéles tui, qui sub sanctíssimæ Vírginis Maríæ Nómine et protectióne lætántur; eius pia intercessióne a cunctis malis liberéntur in terris, et ad gáudia ætérna perveníre mereántur in cœlis. Per Dóminum. | **ISINASAMO** namin sa iyo, O Dios na makapangyarihan, pakundangan sa pagsasanggalang ng kabanal-banalang Mong Ina, si Santa Mariang Virgen, ay palagiang madama ng Iyong tapat na bayan ang kaligayahan sa pagsambit ng kaniyang ngalan, at sa maka-ina niyang pagkalinga, nawa'y mahango kami sa tanang kasamaan sa lupang ito at maging marapat kamtin ang walang hanggang kaligayahan doon sa Langit na bayan namin. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... |

*Ang Pagbasa ay mula sa Misa sa* Pista ng Nuestra Senora del Carmen (ika-16 ng Hulyo).

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL)

| | |
|---|---|
| **BENEDICTA** et venerábilis es, Virgo María: quæ sine tactu pudóris invénta es Mater Salvatóris.<br>*V.* Virgo, Dei Génetrix, quem totus non capit orbis, in tua se clausit víscera factus homo. | **PINAGPALA** ka ng kataas-taasang Poong Dios, O Birheng Mahal, sa lahat ng mga babae sa balat ng lupa!<br>*V.* Ikaw ang luwalhati ng Jerusalem, ikaw ang ligaya ng Israel. Ikaw ang karangalan ng aming bayan! |
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Post partum, Virgo, invioláta permansísti: Dei Génetrix, intercéde pro nobis. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya!** *V.* Ganda mo'y sakdal lubos, O Maria; walang kapintasan ang matatagpuan sa iyo. **Aleluya.** |

*Ang Ebanghelyo naman ay mula sa* Pista ng Anunciacion (ika-25 ng Marso). *May* Credo *o* Sumasampalataya.

*Ang Panalangin Ukol sa mga Alay at ang Panalangin Matapos ang Komunyon ay mula sa Misa* Para sa mga Pista ng Virgeng Maria Salve Sancta Parens.

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Lc 1:28, 42*

| | |
|---|---|
| **AVE,** María, grátia plena; Dóminus tecum: benedícta tu in muliéribus, et benedíctus fructus ventris tui. | **ABA!** Ginoong Maria, puspos ka ng grasya, sumasaiyo ang Poong Dios! Mapalad ka sa tanang kababaihan, at sadyang pinagpala ang bunga ng iyong sinapupunan. |

*Prepasyo ng Mahal na Virgeng Maria.* Et te in festivitate (At sa kapistahan…)

### ANTIPONA SA KOMUNYON

| | |
|---|---|
| **BEATA** viscera Maríæ Vírginis, quæ portavérunt ætérni Patris Fílium. | **MAPALAD** ang sinapupunan ng Mahal na Birhen, yamang dinala niya ang walang hanggang Anak ng Ama. |